REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 89-103

KAPASIYAHAN NA BINIBIGYAN NG PAGKILALA ANG KAGITINGAN AT KATAPANGAN NA IPINAMALAS NI PATROLMAN MARLON DOCOT NG LAKAS NG PULISYA NG MUNTINLUPA.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, kinakailangan lamang na ang sinumang nanunungkulan sa bayan ang mabigyan ng pagkilala sa anumang kagalingang ipinamalas sa pagtupad ng tungkulin para sa kapakinabangan ng mamamayan;

SAPAGKAT, ang ipinamalas na kagitingan at pagtulong ni Patrolman Docot noong ika-25 ng Mayo, 1989 sa isang pangyayaring pagbihag sa isang 10 taong gulang na batang lalaki sa may malapit sa Philam Life Subdivision, Lungsod ng Quezon ay kapuri-puri;

SAPAGKAT, ang pagkakaligtas sa bata at pagkakapatay ni Patrolman Docot sa bumihag maging sa lugar ng pinangyarihan ay labas na sa kanyang nasasakupan at wala pa sa takdang oras ng kanyang paninilbihan, siya ay hindi nagkait ng tulong at hindi inalintana ang sariling kaligtasan upang mailigtas ang isang nasa panganib na mamamayan;

SAPAGKAT, ang kagitingan, kahusayan at katapangan na ipinamalas ni Patrolman Docot ay dapat tularan ng isang naglilingkod sa bayan;

NGAYON, DAHIL DITO ay pinagpasiyahan ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa na bigyan ng papuri at pagkilala si Patrolman Marlon Docot sa kagitingan na ipinamalas at pinagpasiyahan din na bigyan ng sipi ng Kapasiyahang ito sin P/Major Francisco Landrito, hepe, Lagkas ng Pulisya ng Muntinlupa; P/Brig. Gen. Jesus Samson, Superintendent, Southern Police District at Brig. Gen. Alexander Aguirre, CAPCOM Commander at Direktor ng Metropolitan Police Force.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang limampu't siyam (59th) pangkaraniwang pulong ngayong ika 29 ng Mayo, 1989.

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

Mggl. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

Kgg. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

Kgg. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN



Kgg. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

Kgg. REY E. BULAY
Konsehal

Kgg. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

Kgg. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

Kgg. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

Kgg. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

Kgg. ROGER C. SMITH
Konsehal

Kgg. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

PINATOTOHANAN :

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY : Mayo 29, 1989

RRC:vts